

Ang batas trapiko ay binago simula Nobyembre

Multa ng 50,000 yen o mas mababa sa paggamit ng
Mobile phone

habang nagmamaneho ng sasakyan o motorsiklo

Ngayon, halos lahat ay may mobile phones. Naranasan mo na ba ang muntikang aksidente sa ng mobile phone? Tumataas ang bilang ng aksidente sa trapiko dahil sa paggamit ng mobile phones habang nagmamaneho. Ang batas trapiko ay binago para maiwasan ang mga aksidenteng ito. Simula Nobyembre 1, ito ay ipapatupad na.

Rebisyon1



Multang 50,000 yen (M¥50) o mas mababa ay ipapataw sa sinumang mahuling gumagamit ng mobile phone habang nagmamaneho o nakamotorsiklo. (Iwasan ang paggamit ng mobile phone habang nagmamaneho, o huminto para kausapin ang taong tumatawag.)

Rebisyon2



Multa ay itinaas mula M¥50 sa MM¥3 o mas mababa sa sinumang tumanggi sa kahilingan ng pulis para kumuha ng exhalation test para sa pagmamaneho ng lasing. (Huwag uminom kung magmamaneho. Bawal tumanggi sa kahilingan ng pulis para sa exhalation test.)

Rebisyon3




(1) Ang grupo ng motorcycle gangs na nag-uunahan ay paparatangan kahit walang sinumang nanganganib o walang nagrereklamo.

(2) Ang multang M¥50 o mas mababa para sa pag-iingay ng makina ay dinagdag.

(3) Ang multa ay itinaas mula M¥20 o mas mababa sa M¥50 o mas mababa para sa sirang tambutso (bawal ang pagpaharurot sa lansangan).

Rebisyon4




Pag-angkas sa motorsiklo o moped ay maaari sa national expressway para sa mga drayber na may lisensya para sa malalaking sasakyan o sa karaniwang dalawang gulong na sasakyan sa loob ng 3 taon. Ang multang M¥100 na dating M¥50 ay ipapataw sa sinumang sumuway sa batas na ito. (Ito ay

INFORMATION

ipinatupad isang taon matapos ipahayag noong Hunyo 9, 2004).

Rebisyon 5 Ipapataw ang multa sa may-ari ng sasakyang iniwan (may hawak ng inspection certificate) kung hindi makikilala ang drayber ng sasakyang ito. (Ipinatupad dalawang taon matapos ipahayag noong Hunyo 9, 2004).



Rebisyon 6 Ang isang sasakyan na may karaniwang laki (timbang ng sasakyan ay mula 5 hanggang 11 tonelada) ay bagong isinasaad na may kalakip na lisensya, bilang pangkaraniwang lisensya o mas mataas na lisensiya. Sinumang may karaniwang lisensya ay itinuturing na middle-sized licensee ng 8 tonelada o mas mababa. (Ipinatupad sa loob ng 3 taon matapos ipahayag noong Hunyo 9, 2004).



Bakuna laban sa trangkaso o influenza

Anong klaseng sakit kaya ang lalaganap ngayong taon? Ang trangkaso o influenza ay iba sa karaniwang sipon at maaaring makamatay. Kung ikaw ay magpapabakuna ng maaga, maaari mong maiwasan ang kumplikasyon ng trangkaso. Sa Fujimishi, Kamifukuokashi, Oimachi at Miyoshimachi, sinumang 65 taong gulang o higit pa, ay maaaring magpabakuna sa halagang 1000 yen. Minsan lang kailangan ang bakuna. Mag-aply lang sa nakatalagang klinika o ospital. Para sa iba, ang bayad sa bakuna ay mula 3,000 hanggang 5,000 yen. Dalawang beses ang kailangang bakuna depende sa edad. Kumunsulta sa doctor, at kung may mga katanungan, huwag mag-atubiling magtanong sa aming tanggapan. Kami ay handang tumulong sa paghahanap ng klinika para sa bakuna.

World Bazaar

Tayo ng mamili!



Wai-Wai club ng FICEC, katulad ng “Playing Paradise”, ay magbubukas ng bazaar ng iba’t ibang bansa sa Disyembre, may mga imitasyong tindahang Chinese, Korean, at Pilipino. Ang mga batang kasapi ay umaasa na ang programang ito ay magtataguyod ng cross-cultural communication. Ito ang huling aktibidad ng samahan ngayong taon.

Kailan : Disyembre 11 (Sabado) 13:00~17:00

Saan : Fujimi municipal Tsuruse elementary school gymnasium